

# Federal Bureau of Prisons (pederal na kawanihan ng mga preso) Polyeto ng Legal na Pag-abot ng Pretrial (bago ang paglilitis) na Pagkulong

Impormasyon tungkol sa kung paano maabot ng mga nasa hustong gulang sa pretrial na pagkulong ang mga hukuman at kanilang abogado.

# Polyeto ng Legal na Pag-abot ng Pretrial (bago ang paglilitis) na Pagkulong

## Talaan ng Mga Nilalaman


**Pagpapakilala ..... 4**

Naaangkop ba sa akin ang polyeto na ito? ..... 4

Anong mga pasilidad ang saklaw ng polyeto na ito? ..... 4

Mga Katanungan? ..... 5

**Tulong sa Wika at Iba Pang Mga Akomodasyon ..... 6**

**Legal na Pagbisita ..... 8**

Mga Personal na Legal na Pagbisita ..... 8

Ano ang mga legal na oras ng pagbisita? ..... 8

Mga Legal na Pagbisita sa Hindi-Abogado ..... 8

Mga Virtual (sa computer) na Legal na Pagbisita ..... 9

**Komunikasyon sa Iyong Abogado ..... 9**

Komunikasyon sa Telepono ..... 9

1. Mga Direktang Legal na Telepono sa Mga Pretrial na Unit ..... 10
2. Mga Legal na Tawag na Naka-Iskedyul sa Unit Team ..... 10
3. TRUFONE na Tawag ..... 10

Komunikasyon sa Email ..... 11

Legal o Special Mail (legal o espesyal na koreo) ..... 11

**Mga Legal na Materyales ..... 13**

Maaari bang magdala ang aking abogado ng mga legal na materyales? ..... 13

Paggawa ng Mga Kopya ng Legal na Materyal ..... 13

**Humiling ng Iyong Mga Rekord ng Bureau ..... 14**

Paano ko matitingnan ang aking pretrial file na materyal? ..... 14

Paano ako makakakuha ng kopya ng aking mga rekord ng pangkalusugan? ..... 14

Paano naman ang mga di nabubunyag na mga dokumento? O mga dokumento na wala sa aking file? ..... 14

**Elektroniko at Pisikal na Aklatan ng Batas** .......... **15**
Maaari ba akong mag-type ng isang dokumento? .......... 15
Maaari ba akong gumawa ng sarili kong legal na pananaliksik? .......... 15
Kailan ko magagamit ang Aklatan ng Batas? .......... 15
**Pagtuklas na Pagsusuri** .......... **16**
Paano ko masusuri ang aking pagtuklas? .......... 16
Paano ang pagtuklas sa ilalim ng utos ng proteksyon? O pagtuklas na may sensitibong impormasyon? .......... 16
Pagmarka ng elektronikong pagtuklas .......... 17
Mga computer ng pagtuklas .......... 17
Pagsusuri ng elektronikong pagtuklas ng mga pretrial na pasilidad .......... 18
**Notaryo Publiko** .......... **19**
**Mga Salamin sa Mata** .......... **20**
De-resetang mga salamin sa mata .......... 20
Pambasa na mga salamin .......... 20
Eksaminasyon sa Mata .......... 20
**Pagsusuri ng Presentence (bago ang sentensiya) na Mga Ulat** .......... **21**
Ano ang nasa PSR ko? .......... 21
Bago ang Pagsentensiya .......... 21
Pagkatapos ng Pagsentensiya .......... 21
**Legal na Pag-abot sa Special Housing Unit** .......... **22**

# Pagpapakilala

Ang Polyeto ng Legal na Pag-abot ng Pretrial na Pagkulong na ito ay may impormasyon tungkol sa legal na pag-abot sa Bureau of Prisons ("Bureau (kawanihan)") para sa mga nasa hustong gulang na nasa pretrial na kustodiya na may mga nakabinbin na mga pangkriminal na legal na kaso.

Ang impormasyong ito ay kasalukuyang sa petsa ng paglalathala. Para sa impormasyon tungkol sa iyong pagkakulong na hindi nauugnay sa legal na pag-abot, tumingin sa Polyeto ng Mga Pagpapasok at Pag-aangkop ng iyong institusyon.

### Naaangkop ba sa akin ang polyeto na ito?

Magsisimula ang kasong pangkriminal kapag inaresto ka at kinasuhan ng isang taga-usig dahil sa diumano'y paggawa ng krimen, o mga krimen. Magpapasya ang hukom kung palayain ka o ilalagay ka sa kustodiya habang umuusad ang iyong kaso. Kung ang hukom ay maglalagay sa iyo sa kustodiya, ang Polyeto na ito ay naaangkop sa iyo. Ang Polyeto na ito ay naaangkop sa iyo habang ikaw ay nasa pretrial na kustodiya ng Bureau at haggang sa ikaw ay masentensiyahan.

Ang mga taong may pretrial na katayuan ay may ilang partikular na karapatan sa konstitusyon ng pag-abot sa legal na proseso at sa kanilang abogado. Kasama sa pag-abot sa iyong abogado ang pag-abot sa sinumang legal na katulong na nasa pangkat ng pagtatanggol.

### Anong mga pasilidad ang saklaw ng polyeto na ito?

Ang Polyeto na ito ay isang pangkalahatang gabay sa legal na pag-abot sa mga pretrial na pasilidad ng Bureau. Ang mga tuntunin at pamamaraan ay maaaring maiba kung:

- inilipat ka sa isang pasilidad na hindi pinapatakbo ng Bureau.
- ikaw ay nasentensiyahan sa iyong pangkriminal na kaso at inilipat sa isang bilangguan ng Bureau kung saan naglilingkod ang mga tao sa kanilang mga pangkriminal na sentensiya.

Ang mga pasilidad na ito ay para sa mga taong nasa kustodiya na pretrial.

| Mga Pasilidad ng Pretrial na Pagkulong: | |
|---|---|
| • MDC Brooklyn<br>• MCC Chicago<br>• MDC Guaynabo<br>• FDC Honolulu<br>• FDC Houston | • MDC Los Angeles<br>• FDC Miami<br>• FDC Philadelphia<br>• FDC SeaTac<br>• MCC San Diego |
| **Mga Pasilidad na may Mga Center ng Pretrial na Pagkulong:** | |
| • FDC Atlanta<br>• FDC Milan<br>• FDC Sheridan<br>• FDC Tallahassee | • FDC Englewood<br>• FDC Fort Worth<br>• FDC Seagoville |

Mayroon ding iba pang pasilidad ng Bureau na may mga pretrial na unit o espasyo sa kama. Kung ikaw ay isang pretrial na Adult in Custody (AIC) (nasa hustong gulang na nakakustodiya) sa isang pasilidad ng Bureau na hindi isa sa mga nakalistang pretrial na pasilidad, dapat ay mayroon kang pareho o katulad na legal na pag-abot. Kabilang dito ang kung ikaw ay nasa isang pasilidad para sa pagsusuri o pagpapanumbalik sa kalusugan ng pag-iisip.

Kung hindi mo alam ang lokal na pamamaraan ng legal na pag-abot sa iyong pasilidad, maaari kang gumawa ng nakasulat na hiling ng legal na pag-abot sa iyong Unit Team (pangkat ng unit).

**Mga Katanungan?**

Ang Polyeto na ito ay isang pangkalahatang gabay. Maaaring hindi nito masagot ang bawat tanong tungkol sa legal na pag-abot.

Kung meron kang mga katanungan, magtanong sa iyong Unit Team. Kasama sa pangkat na ito ang Manager (tagapamahala) ng Unit, Tagapayo, Manager ng Kaso, at Sekretarya ng Unit. Ang iyong Unit Team ay hindi makakapagbigay ng anumang legal na payo sa iyo. Para sa anumang legal na payo dapat kang magtanong sa iyong abogado.

# Tulong sa Wika at Iba Pang Mga Akomodasyon

**I need this handbook in a different language than I received it (kailangan ko ang polyeto na ito sa ibang wika kaysa sa natanggap ko)!**

Please show an employee this sentence if you need this Pretrial Detention Legal Access Handbook in this language (English).

يُرجى أن تُظهِر هذه الجملة لأحد الموظفين إذا أردت الحصول على دليل الوصول القانوني لما قبل المحاكمة بهذه اللغة (العربية). [Arabic]

Muéstrele esta oración a un empleado si necesita este Manual de acceso jurídico durante la detención previa al juicio en este idioma (español). [Spanish]

Խնդրում ենք աշխատակցին ցույց տալ այս նախադասությունը, եթե Ձեզ անհրաժեշտ է այս լեզվով (հայերեն) նախնական կալանքի իրավական մուտքի ձեռնարկը: [Armenian]

如果您需要这种语言（简体中文）的审前拘留法律服务手册，请向员工出示此句子。 [Chinese – Simplified]

如果您需要這種語言（繁體中文）的審前拘留法律服務手冊，請向員工出示此句子。 [Chinese – Traditional]

لطفا اگر به این دفترچه راهنمای دسترسی قانونی بازداشت پیش از محاکمه به زبان دری نیاز دارید به کارمندان این جمله را نشان دهید. [Dari]

ਕਿਰਪਾ ਕਰਕੇ ਕਿਸੇ ਕਰਮਚਾਰੀ ਨੂੰ ਇਹ ਵਾਕ ਦਿਖਾਓ ਜੇਕਰ ਤੁਹਾਨੂੰ ਇਸ ਭਾਸ਼ਾ (ਪੰਜਾਬੀ) ਵਿੱਚ ਪ੍ਰੀ-ਟਰਾਇਲ ਡਿਟੈਂਸ਼ਨ ਲੀਗਲ ਐਕਸੈਸ ਹੈਂਡਬੁੱਕ ਦੀ ਲੋੜ ਹੈ। [Eastern Punjabi]

لطفا اگر به این دفترچه راهنمای دسترسی قانونی بازداشت پیش از محاکمه به زبان فارسی نیاز دارید به کارمندان این جمله را نشان دهید. [Farsi]

Veuillez montrer cette phrase à un employé si vous avez besoin de ce guide d’accès juridique lors de la détention provisoire dans cette langue (français). [French]

Bitte zeigen Sie diesen Satz einem Angestellten, wenn Sie dieses Handbuch für den Zugang zu Rechtsdienstleistungen für Personen in Untersuchungshaft in dieser Sprache (Deutsch) benötigen. [German]

Παρακαλείσθε να δείξετε σε έναν υπάλληλο αυτήν την πρόταση εάν χρειάζεστε αυτό το εγχειρίδιο νομικής πρόσβασης κατά την προφυλάκιση σε αυτήν τη γλώσσα (ελληνικά). [Greek]

Tanpri montre yon anplwaye fraz sa a si ou bezwen Manyèl Aksè Legal Detansyon Anvan Jijman sa a nan lang sa a (Kreyòl). [Haitian Creole]

Mostra a un dipendente questa frase se hai bisogno di questa Guida per l’accesso legale durante la custodia cautelare in questa lingua (italiano). [Italian]

あなたがこの言語（日本語版）の未決拘留者の法的権利へのアクセスに関するハンドブックを必要とされる場合は、この文を担当者に示しください。 [Japanese]

귀하가 이 언어(한국어)로 된 미결 구금 법적 접근 안내서가 필요한 경우, 이 문장을 직원에게 보여주십시오. [Korean]

Por favor, mostre esta frase a um funcionário, se você precisar deste Manual de Acesso Jurídico para Detenção Pré-Julgamento neste idioma (português). [Portuguese]

Если вам нужно получить этот "Справочник о правах доступа к юридическим услугам во время досудебного содержания под стражей" на этом языке (на русском) – просим вас показать это предложение работнику заведения. [Russian]

Покажите неком од запослених ову реченицу ако вам овај Приручник о приступу правним питањима за лица у притвору треба на овом језику (српски). [Serbian]

Mangyaring ipakita sa isang empleyado ang pangungusap na ito kung kailangan mo itong Polyeto ng Legal na Pag-abot ng Pretrial na Pagkulong sa wikang ito (Tagalog). [Tagalog]

กรุณาแสดงประโยคนี้แก่พนักงานหากคุณต้องการคู่มือการเข้าถึงความช่วยเหลือทางกฎหมายระหว่างการควบคุมตัวก่อนการขึ้นพิจารณาคดีในตามภาษาในเล่มนี้ (ไทย) [Thai]

Bu Yargılama Öncesi Gözaltı Yasal Erişim El Kitabına bu dilde (Türkçe) ihtiyacınız varsa lütfen bir çalışana bu cümleyi gösterin. [Turkish]

Якщо вам потрібно отримати цей "Довідник з прав доступу до юридичних послуг при досудовому утриманні під вартою" на цій мові (на українською) - просимо показати це речення працівнику закладу. [Ukrainian]

اگر آپ کو پری ٹرائل کے مقدمے کے دوران قانونی امداد تک رسائی کے متعلق یہ ہینڈ بک اس زبان (اردو) میں چاہئیے، تو براہ کرم کسی ملازم کو یہ جملہ دکھائیں۔ [Urdu]

Vui lòng cho nhân viên thấy câu này nếu quý vị cần một bản dịch tiếng Việt của Sổ Hướng dẫn Cách tiếp cận Pháp lý khi bị Tạm giam Trước xét xử này. [Vietnamese]

Kung hindi ka nagsasalita ng Ingles, maaari mong hilingin na ang Unit Team ay gumamit ng isang propesyonal na serbisyo sa pagsasalin, ang Language Line Services (LLS) (mga pang-linyang serbisyo ng wika), upang ipaliwanag ang mahalagang impormasyon sa pasilidad.

Kung ikaw ay bingi o mahina ang pandinig, maaari kang humiling ng impormasyon sa pamamagitan ng pagsulat o mga serbisyo ng pagsasalin ng Wikang Pasenyas mula sa iyong Unit Team.

Kung kailangan mo ng karagdagang tulong o akomodasyon para maabot ang alinman sa mga programa o serbisyong ito dahil sa isang kapansanan, maaari kang magsumite ng kahilingan para sa isang akomodasyon sa iyong Unit Team.

# Legal na Pagbisita

May karapatan kang makipagkita sa iyong abogado para pag-usapan ang iyong kaso. Anumang komunikasyon sa pagitan mo at ng iyong abogado sa panahon ng isang legal na pagbisita ay kumpidensyal. Ang ibig sabihin ng "kumpidensyal" ay hindi dapat makarinig ang ibang tao o marinig ang inyong pag-uusap. Nangangahulugan din ito na hindi mo kailangang sabihin kaninoman kung ano ang iyong tinalakay sa iyong abogado.

### Mga Personal na Legal na Pagbisita

Ang iyong abogado ay maaaring bumisita sa iyo nang personal sa mga oras ng legal na pagbisita gaya ng natukoy sa iyong lokal na pasilidad. Kung ikaw ay nasa isang Special Housing Unit (espesyal na unit ng pabahay), maaaring kailanganin ng iyong abogado na gumawa ng appointment (iskedyul) para magkaroon ng legal na pagbisita sa iyo. Ang iyong legal na pagbisita ay dapat maganap sa isang pribadong lugar upang magkaroon ka ng kumpidensyal na pag-uusap sa iyong abogado. Dapat na makita ka ng mga empleyado ng Bureau sa panahon ng mga legal na pagbisita ngunit hindi dapat makinig sa o marinig ang iyong pag-uusap.

Kung puno na ang mga pribadong kwarto sa pagbisita, maaaring kailanganin mong maghintay hanggang magkaroon ng kwarto o makipagkita sa iyong abogado sa ibang pagkakataon. Ang ilang mga pasilidad ay may mga abogado na nakikipagkita sa kanilang mga kliyente sa isang komun na lugar. Gayunpaman, ang pakikipagpulong sa iyong abogado sa isang komun na lugar ay magpapahirap sa isang pribadong pag-uusap nang walang sinumang makikinig o makarinig. Ipapaalam sa iyo ng iyong abogado kung ito ang pinakamagandang opsyon.

### Ano ang mga legal na oras ng pagbisita?

Ang mga oras ng legal na pagbisita ay magagamit pitong (7) araw sa isang linggo. Ang bawat pasilidad ay may iba't ibang oras.[1] Sa ilang sitwasyon, maaari mong ayusin ang mga legal na pagbisita sa iyong abogado sa labas ng mga regular na oras. Ito ay batay sa mga kalagayan ng iyong kaso at pagkakaroon ng empleyado.

### Mga Legal na Pagbisita sa Hindi-Abogado

Sa pangkalahatan, itinuturing ng Bureau ang mga hindi-abogadong miyembro ng iyong pangkat ng depensa bilang isang "legal na katulong." Ang legal na katulong ay maaaring:

- isang imbestigador
- isang psychologist (taong dalubhasa sa agham ng isip)
- isang manggagawang panlipunan
- isang mitigation (pagpapagaan) na eksperto
- isang paralegal (gumagawa ng mga legal na gawain ngunit hindi abogado)
- isang intern (nagsasanay) na hindi bababa sa 18 taong gulang
- isang pinanatiling ekspertong testigo
- isang klerk ng batas

[1] Maaaring mag-iba ang mga iskedyul ng legal na pagbisita kung ikaw ay nasa Special Housing Unit (SHU) o sa panahon ng mga emergency na sitwasyon.

Dahil ang mga indibidwal na ito ay hind mga lisensyadong abogado, dapat silang sumunod sa hiwalay na mga patakaran upang bisitahin ka.

Kakailanganin ng iyong abogado na punan ang isang BP-A0243, Application to Enter Institution as Representative (aplikasyon na makapasok sa institusyon bilang mga kinatawan) ("Representative Form (form ng kinatawan)") upang humingi na ang isang legal na katulong ay maaprubahan na bisitahin ka. Dapat nilang gawin ito isang beses sa isang taon. Kung ang legal na katulong ay hindi isang kredensyadong empleyado ng Pederal na Pampublikong Tagapagtanggol, kailangan din nilang pumasa ng isang background check (pagsusuri sa karanasan) isang beses sa isang taon.[2] Sa sandaling maaprubahan ang legal na katulong, magkakaroon sila ng parehong katayuan ng iyong abogado para sa legal na pagbisita.[3]

*Para sa karagdagang impormasyon sa mga personal na legal na pagbisita, tumingin sa Program Statement (pahayag ng programa) 1315.07, Legal Activities (mga legal na aktibidad), Inmate (nakabilanggo), Secs. 12 at 15.*

### Mga Virtual (sa computer) na Legal na Pagbisita

Ang iyong abogado ay maaaring humiling ng virtual na legal na pagbisita mula sa pasilidad batay sa mga kalagayan ng iyong kaso at pagkakaroon ng empleyado. Sa mga bihirang kaso, ang isang pasilidad ay maaaring mag-alok ng mga virtual na legal na pagbisita nang regular.

| **Sa FDC Sheridan Lamang** |
| --- |
| **Kung ikaw ay nakabahay sa FDC Sheridan, ang iyong abogado ay maaaring mag-iskedyul ng virtual na legal na pagbisita sa Oregon Federal Defender (pederal na tagapagtanggol ng Oregon), na siyang magbibigay ng iskedyul sa pasilidad.** |
| **Sa MDC Brooklyn Lamang** |
| **Kung ikaw ay nakabahay sa MDC Brooklyn, ang iyong abogado ay maaaring mag-iskedyul ng virtual na legal na pagbisita sa Opisina ng Eastern District Federal Defenders (mga pederal na tagapagtanggol ng silingang distrito) na siyang magbibigay ng iskedyul sa pasilidad.** |

## Komunikasyon sa Iyong Abogado

**Komunikasyon sa Telepono**

May tatlong paraan kung saan maaari kang makipag-usap sa iyong abogado sa telepono.

[2] Kung may magandang dahilan sa isang indibidwal na kaso, ang pasilidad ay maaaring mangangailangan ng muling pahintulot para sa legal na katulong nang higit sa isang beses sa isang taon.
[3] Ang legal na katulong ay dapat magkaroon ng patuloy na relasyon ng pangangasiwa sa iyong abogado upang makatanggap ng katayuan ng abogado para sa legal na pagbisita at nakasulat na komunikasyon.

1. **Mga Direktang Legal na Telepono sa Mga Pretrial na Unit**

Ang sampung mga pasilidad ng pretrial na pagkulong ay may isang telepono sa pretrial na unit para sa mga legal na tawag. Nagbibigay-daan ito para sa maikli, direkta, hindi sinusubaybayan, na mga tawag sa paunang naprograma at naberipika na mga numero ng telepono ng tagapagtanggol ng depensa.

**Maaari ba akong tumawag sa teleponong ito sa aking abogado?**

- Kung mayroon kang isang abogado na nagtatrabaho para sa Federal Defender (pederal na tagapagtanggol), dapat lang na makagawa ka ng isang kumpidensyal na tawag sa teleponong ito.
- Kung mayroon kang abogado na hindi empleyado ng Federal Defender, maaari kang gumawa ng kumpidensyal na tawag sa teleponong ito. Maaari kang magtanong sa Unit Team at/o sa iyong abogado.

2. **Mga Legal na Tawag na Naka-Iskedyul sa Unit Team**

Kung kailangan mo ng mas matagal na hindi sinusubaybayang tawag sa telepono sa iyong abogado, ikaw o ang iyong abogado ay maaaring humiling na ang iyong Unit Team ay magtakda ng isang hindi sinusubaybayang tawag.

Ibibigay ang mga tawag na ito batay sa mga kalagayan ng iyong pangkriminal na kaso at pagkakaroon ng empleyado. Papayagan lamang ang madalas o mahabang hindi sinusubaybayang mga tawag sa iyong abogado kung maipapakita mo na hindi sapat ang koreo, mga pagbisita, o normal na mga tawag sa telepono sa iyong abogado. Halimbawa, mayroon kang paparating na deadline (nakatakdang oras) sa hukuman o malayo ang distansya ng iyong abogado. Dapat mong isumite ang iyong kahilingan para sa isang hindi sinusubaybayang tawag sa iyong Unit Team sa form na BP-A0148, Inmate Request to Staff (hiling ng nakabilanggo sa kawani). Ang mga kahilingang ito ay isasaalang-alang sa isang kaso-sa-kaso na batayan.

3. **TRUFONE na Tawag**

Maaari mo ring hilingin na idagdag ang numero ng telepono ng iyong abogado sa iyong listahan ng telepono sa TRUFONE. Kung tatawagan mo ang iyong abogado sa pamamagitan ng normal na teleponong ito, **hindi magiging kumpidensyal ang tawag**. Ito ay irerekord. Ang mga nakarekord na ito ay maaaring pakinggan at ibahagi sa iba na nagpapatupad ng batas, kabilang ang taga-usig sa iyong pangkriminal na kaso. Ang mga tawag na ito ay karaniwang may bayad maliban kung ang mga ito ay ginagawang collect (ang nasa kabilang linya ang magbabayad).

| Sa MDC Brooklyn Lamang |
|---|
| Kung ikaw ay nakabahay sa MDC Brooklyn, ang iyong abogado ay maaaring humiling ng naka-iskedyul na legal na tawag sa opisina ng Eastern District Federal Defenders na siyang magbibigay ng iskedyul sa pasilidad. |
| **Sa MCC Chicago Lamang** |
| Kung ikaw ay nakabahay sa MCC Chicago, maaaring humiling ang iyong abogado ng isang legal na tawag sa iyo sa isang araw ng linggo. Ang bawat tawag ay limitado sa 30 na minuto. Dapat ang iyong abogado ang mag-iiskedyul ng mga tawag na ito. |
| **Sa FDC Honolulu Lamang** |
| Kung ikaw ay nakabahay sa FDC Honululu at ang iyong abogado ay nakatira sa labas ng isla ng Oahu, maaari mong hilingin sa iyong Unit Team ang mas madalas na mga kumpidensyal na legal na tawag sa iyong abogado. |
| **Sa FDC Sheridan Lamang** |
| Kung ikaw ay nakabahay sa FDC Sheridan, ang iyong abogado ay maaaring mag-iskedyul ng legal na tawag sa Oregon Federal Defender, na siyang magbibigay ng iskedyul sa pasilidad. |

*Para sa karagdagan na impormasyon sa mga legal na tawag, tumingin sa Program Statement 5264.08, Inmate Telephone Regulations (mga regulasyon ng telepono ng nakabilanggo).*

**Komunikasyon sa Email**

Sa karaniwan, maaari kang gumawa ng email na account sa pamamagitan ng TRULINCS. Maaari mong idagdag ang email address ng iyong abogado sa iyong listahan ng mga kontak sa TRULINCS. Kapag idinagdag mo ang email address ng iyong abogado sa iyong listahan ng mga kontak, magpapadala ang TRULINCS ng isang awtomatikong mensahe sa iyong abogado at hilingin sa kanila kung tatatangapin o tatanggihan ang mga email sa hinaharap mula sa iyo. Kapag tinanggap ng iyong abogado, maaari kang magsimulang magpadala ng mga email sa isa't isa.

Ang mga email na ipinapadala at natatanggap mo sa TRULINCS ay **HINDI** kumpidensyal. Nangangahulugan ito na maaaring maaabot at mababasa sila ng ibang mga tao.


## Legal o Special Mail (legal o espesyal na koreo)

Ang mail (koreo) na ipinadala sa iyo mula sa isang abogado ay itinuturing na legal mail. Ang Special Mail Notice (espesyal na pangkoreong abiso), (BP-A0493), ay isang dokumento na magagamit mo upang payuhan ang iyong abogado ng mga kinakailangan para sa paparating na sulat ng abogado-kliyente. Maaari kang humingi ng kopya mula sa Unit Team.

### <u>Paparating – mail na ipinadala sa iyo mula sa iyong abogado.</u>

Ang paparating na legal mail ay dapat nakamarka. Ang marka ay dapat magsama ng isang pabalik na address at tukuyin ang buong pangalan ng iyong abogado at bilang "Abogado". Ang mail na nakamarkang "Legal Mail – Open only in the presence of the inmate (buksan lamang sa presensya ng nakabilanggo)" kasama ang wastong pagkakakilanlan ay ipoproseso bilang legal mail. Mayroon kang responsibilidad na ipaalam sa iyong abogado ang tungkol sa mga kinakailangan ng pagmarka. Dapat ipakilala ng iyong abogado ang kanilang sarili bilang "Abogado". Ang pagsulat ng "Law Firm (opisina ng abogado)" o "Esq." ay hindi sapat.

**Halimbawa**:




Ang legal mail na hindi wastong nakamarka ay maaaring iproseso bilang pangkalahatang sulat. Nangangahulugan ito na ang isang empleyado ng Bureau ay maaaring magbukas, mag-inspeksyon, magbasa, at kumopya ng mail.

Kasama sa paparating na Special mail ang mail na natanggap mula sa mga sumusunod: Presidente at Bise Presidente ng United States, mga abogado, Mga Miyembro ng U.S. na Kongreso, Mga Embahada at Konsulado, ang U.S. Department of Justice (kagawaran ng hustisya) (hindi kasali ang Bureau of Prisons ngunit kabilang ang mga U.S. Attorney (piskal)), ibang mga Pederal na opisyal ng pagpapatupad ng batas, Mga Attorney General (pangkalahatang


abogado) ng State, Mga Taga-usig na Abogado, Mga Gobernador, Mga Hukuman ng U.S. (kabilang ang mga Opisyal ng Probasyon ng U.S.), at Mga State na Hukuman. Para maproseso ang paparating na sulat sa ilalim ng mga special mail na pamamaraan (tumingin sa §§ 540.18--540.19), ang buong pangalan ng nagpadala ay dapat malinaw na natukoy sa sobre, at ang harap ng sobre ay dapat nakamarkang "Special Mail — Open only in the presence of the inmate".

Kapag natanggap ang special o legal mail, ang mga empleyado ay magbubukas lamang sa iyong presensya, maliban kung ito ay makatwirang pinaghihinalaang may kontrabando sa loob nito. Karaniwan, ipoproseso ang mail sa loob ng (24) na oras pagkatapos matanggap sa loob ng linggo. Ang mail ay karaniwang hindi pinoproseso sa katapusan ng linggo at holiday (walang trabaho).

**<u>Papalabas – mail na ipinadala mo.</u>**

Ang Legal o Special mail na ipinadala sa iyong abogado o sa mga hukuman ay dapat na nakamarkang "Legal Mail" o "Special Mail" at selyuhan. Ang papalabas na legal o special mail ay dapat ihatid sa kamay sa empleyadong nakatalaga sa pabahay na unit o Unit Team, kasama ang iyong pangalan, numero ng rehistro, at pabalik na address. Hindi sinusubaybayan ang Legal o Special mail maliban kung ito ay ipinadala sa pamamagitan ng sertipikadong mail. Kailangan mong magbayad ng karagdagang bayad para sa sertipikadong mail.

### Halimbawa:




Ang papalabas na "Special mail" ay nangangahulugan ng sulat na ipinapadala sa mga sumusunod: Presidente at Bise Presidente ng United States, ang U.S. Department of Justice (kabilang ang Bureau of Prisons), Mga Opisina ng U.S. Attorney, Surgeon General (pangkalahatang surihano), U.S. Public Health Service (serbisyong pampublikong kalusugan ng U.S.), Kalihim ng Army, Navy, o Air Force, Mga Hukuman ng U.S. (kabilang ang mga Opisyal ng Probasyon ng U.S.), Mga Miyembro ng U.S. na Kongreso, Mga Embahada at Konsulado, Mga Gobernador, Mga Attorney General ng State, Mga Taga-usig na Abogado, Mga Direktor ng Kagawaran ng Pagwawasto ng mga State, Mga Kumisyoner ng Parol ng State, Mga Mambabatas ng State, Mga State na Hukuman, Mga Opisyal ng Probasyon ng State, ibang mga Pederal at State na opisina ng pagpapatupad ng batas, mga abogado, at mga kinatawan ng balitang medya.

# Mga Legal na Materyales

Kasama sa mga legal na materyales ang anumang materyal na nauugnay sa iyong legal na kaso, kabilang ang mga dokumento o tala. Pinapayagan kang magdala ng makatwirang halaga ng mga legal na materyales sa isang legal na pagbisita kung nakatanggap ka ng pahintulot ng empleyado ng Bureau.

### Maaari bang magdala ang aking abogado ng mga legal na materyales?

Maaaring magdala ang iyong abogado ng mga legal na materyales sa pasilidad kapag ikaw ay binibisita nila. Gayunpaman, sa pangkalahatan ay hindi mo maaaring kunin ang mga materyales kapag natapos na ang pagbisita.

Mayroong isang kahon ng hulugan ng legal mail na matatagpuan sa harap ng silid-tanggapan/pasukan. Ang mga abogado o mga naaprubahang Legal na Katulong ay maaaring maghulog ng mga legal na materyales sa kahon para sa iyo bago o pagkatapos ng pagbisita.

Tiyaking malinaw na minarkahan ng iyong abogado ang mga legal na materyales ng:

- pangalan nila,
- "Abogado" bilang kanilang titulo,
- pangalan mo,
- numero ng rehistro mo,
- pabalik na address, at
- pahayag na ito: "Special [o Legal] Mail – Open Only in the Presence of the Inmate."

Kung ang iyong mga legal na materyales ay hindi nakamarka sa impormasyong ito, ituturing ito bilang pangkalahatang sulat. Karamihan sa mga legal na materyales ay dapat ipadala sa pamamagitan ng mail bilang legal mail o ilagay sa isang kahon ng hulugan ng legal mail sa pasilidad.

Karaniwan, hindi ka maaaring bumalik mula sa hukuman o isang legal na pagbisita na may mga karagdagang legal na materyales sa mga pasilidad. Kung nais ng iyong abogado na magbigay sa iyo ng karagdagang mga legal na materyales, dapat nilang ipadala ang mga ito sa pamamagitan ng legal na pamamaraan ng mail o ihulog ang mga ito sa legal na kahon ng mail sa pasilidad.

*Para sa karagdagang impormasyon, tumingin sa Program Statement 1315.07, Legal Activities (mga legal na aktibidad), Inmate at Program Statement 5265.11, Correspondence (sulat).*

### Paggawa ng Mga Kopya ng Legal na Materyal

Maaari kang humingi ng tulong mula sa Departamento ng Edukasyon para sa pagkopya ng materyal na kailangan para sa iyong pananaliksik o legal na mga bagay. Isang makinang pangkopya ay karaniwang magagamit sa Departamento ng Edukasyon. Ang halaga ng mga kopya ay ibabawas mula sa iyong inmate na account.

Maaaring ipaubaya ng kawani ng Bureau ang gastos kung kailangan mo ng kaunting mga kopya o wala kang pondo at kailangan mo ng makatwirang bilang ng mga libreng kopya.

# Humiling ng Iyong Mga Rekord ng Bureau

### Paano ko matitingnan ang aking pretrial file na materyal?

Maaari mong hilingin na tingnan ang iyong pretrial file na materyal (maliban sa iyong mga rekord ng kalusugan) sa ilalim ng pangangasiwa ng iyong Case Manager (tagapangasiwa ng kaso). Para makuha ang iyong pag-apruba, magsumite ng form na BP-A0148 "Inmate Request to Staff" sa Unit Team.

Maaari ka ring humiling ng kopya ng isang dokumento sa iyong pretrial file na materyal mula sa iyong Unit Team.

Maaari kang laging maghain ng isang Freedom of Information Act (FOIA) (karapatang humiling ng impormasyon mula sa mga pederal na mga sangay) upang hingin ang iyong pretrial na materyal. Hindi mo kailangang magsumite ng isang FOIA na paghiling para sa mga dokumento sa iyong pretrial file na materyal maliban kung ang impormasyong hinihiling mo ay hindi nabubunyag.

Nangangahulugan ito na ang impormasyong hinihiling ay hindi maibabahagi nang walang FOIA na kahilingan. Posibleng hindi talaga ito maibabahagi sa iyo.

## Paano ako makakakuha ng kopya ng aking mga rekord ng pangkalusugan?

Maaari kang humingi ng kopya ng iyong **mga rekord ng pangkalusugan**.

- Para sa mga rekord mula sa iyong medikal na file, magsumite ng kahilingin sa Health Services (mga serbisyong pangkalusugan) sa pamamagitan ng pagsusumite ng Inmate Request to Staff (BOP for BP-A0148).
- Para sa mga rekord mula sa iyong kalusugan sa pag-iisip na file, magsumite ng kahilingan sa Psychology (agham ng isip) sa pamamagitan ng pagsusumite ng Inmate Request to Staff (BOP para sa BP-A0148).

Maaari kang singilin ng bayad para sa kopya ng iyong mga rekord. Ang ilan sa iyong mga rekord ng pangkalusugan ay maaaring hindi nabubunyag.

### Paano naman ang mga di nabubunyag na mga dokumento? O mga dokumento na wala sa aking file?

Kung humingi ka ng impormasyon sa iyong rekord ng Bureau na hindi maibibigay sa iyo, bibigyan ka ng kopya ng talang pang-administratibo na tumatanggi sa pagpapalabas ng impormasyong iyon. Maaari mo pa ring hilingin ang mga rekord na iyon sa pamamagitan ng pagpapadala ng FOIA na kahilingan. Ang institusyon ay magpapadala ng kopya ng mga rekord at ng talang pang-administratibo na tumatanggi sa pagpapalabas para sa pagsusuri ng iyong FOIA na kahilingan.

Kung gusto mong humiling na maabot ang ibang mga dokumento na wala sa iyong mga pang-institusyonal na file, magagawa mo rin ito sa pamamagitan ng pagpapadala ng nakasulat na FOIA na kahilingan.

Maaari mong i-mail ang lahat ng mga FOIA na kahilingan sa:

FOIA/PA Section
Office of General Counsel, Room 924
Federal Bureau of Prisons
320 First Street, N.W.
Washington, DC 20534

## Elektroniko at Pisikal na Aklatan ng Batas

Habang nasa kustodiya, maaari mong maabot ang mga legal na materyales. Maaari ka ring maghanda ng mga legal na dokumento. Maraming pasilidad ang may pisikal na aklatan ng batas na kinabibilangan ng mga legal na aklat sa pagsasaliksik, mga computer para sa pagtuklas na pagsusuri, programang pang-edukasyon, at ang Electronic Law Library (ELL) (elektronikong aklatan ng batas). Ang Sentral na Opisina ng Bureau ay nagpapanatili ng materyal at mga database (imbakan ng datos) sa ELL.

### Maaari ba akong mag-type ng isang dokumento?

Maaari kang gumamit ng computer upang mag-type at magprenta para sa mga legal na layunin. Maaari mong gawin ito sa iyong pretrial na pagkulong na unit. Maaari mong hilingin na gumamit ng makinilya para sa mga legal na layunin. Gayunpaman, hindi lahat ng pasilidad ay may makinilya. Kakailanganin mong bumili ng sarili mong mga ribon ng makinilya, correction tape (pagwawasto na pandikit), at pang-makinilyang papel. Maaari mong bilhin ng mga bagay na ito sa Komisaryo.

### Maaari ba akong gumawa ng sarili kong legal na pananaliksik?

Maaari kang gumawa ng sarili mong legal na pananaliksik sa mga ELL na computer. Mayroong mga ELL computer sa mga aklatan ng Departamento ng Edukasyon o sa mga silid libangan. Mayroon ding magagamit na mga ELL computer sa mga pabahay na unit. Walang bayad sa paggamit ng ELL. Mayroong bayad bawat pahina kung ikaw ay nag-iimprenta mula sa ELL. Kung kailangan mo ng ELL na pagsasanay, maaari kang magsumite ng isang BP-A0148 "Inmate Request to Staff" sa Departamento ng Edukasyon.

### Kailan ko magagamit ang Aklatan ng Batas?

Ang mga pisikal na aklatan ay maaaring nasa pabahay na unit o sa Departamento ng Edukasyon. Maaari mong gamitin ang aklatan ng batas/libangan sa mga partikular na araw at oras batay sa iyong pabahay na unit. Mahahanap mo ang mga araw at oras na nakalagay sa mga bulletin board (pisara ng mga patalastas). Maaari mong gamitin ang mga ELL computer sa mga pabahay na unit sa labas ng oras ng kulungan.

Maaari kang humiling ng karagdagang oras para sa pananaliksik, paghahanda ng dokumento, o pagtuklas na pagsusuri. Magsumite ng BP-A0148 "Inmate Request to Staff" sa Departamento ng Edukasyon para humingi ng karagdagang oras. Halimbawa, maaaring kailangan mo ng karagdagang oras kung:

- Mayroon kang paparating na deadline sa hukuman.
- Marami kang pagtuklas na materyal na susuriin para sa iyong kaso.

Maraming mga pasilidad na may mga pangkopyang makinarya na napapaandar ng debit card (card na elektronikong naglipat ng pera para makabili) para sa mga legal na layunin sa Edukasyon. Maaari kang bumili ng debit card sa komisaryo.

Kung ikaw ay mahirap, maaari kang maging karapat-dapat na tumanggap ng:

- isang ribon ng makinilya,
- correction tape, at
- isang limitadong bilang ng mga kopya na libre sa bawat sesyon sa aklatan ng batas.

Maaari mong hilingin na ituring kang "mahirap." Para gawin ito, magsumite ng isang BP-A0148 "Inmate Request to Staff" sa Departamento ng Edukasyon. Ang Bureau ay may sariling mga kinakailangan para sa kung sino ang maituturing na mahirap na nakakustodiya. Kung ikaw ay itinuturing na mahirap ng Hukuman, hindi ibig sabihin na matutugunan mo ang mga kinakailangan ng Bureau.

*Para sa karagdagang impormasyon, tumingin sa Program Statement 1315.07, Inmate Legal Activities (mga legal na aktibidad ng nakakulong).*

# Pagtuklas na Pagsusuri

Sa iyong pangkriminal na kaso may karapatan kang magsuri at maghanda ng depensa batay sa ebidensya ng pamahalaan. Karaniwang ibinibigay ng pamahalaan ang ebidensyang ito sa iyong abogado sa elektronikong paraan at ito ay tinatawag na pagtuklas.

### Paano ko masusuri ang aking pagtuklas?

Mayroong maraming mga paraan upang suriin ang iyong pagtuklas:

- **Mga pisikal na kopya**: Kung ang iyong pagtuklas ay isang dokumento, ang iyong abogado ay maaaring magprenta at magbigay ng isang pisikal na kopya.
- **Computer**: Maaari mong tingnan ang iyong pagtuklas sa isang computer kung:
  - kabilang dito ang napakaraming dokumento na hindi praktikal na iprenta ang lahat ng ito, o
  - kabilang dito ang audio (naririnig), video (nakikita at naririnig), o iba pang mga digital na file.

Kapag mayroon kang elektronikong pagtuklas na susuriin at kailangan nito ng computer, maaari mo itong suriin kasama ng iyong abogado sa panahon ng isang legal na pagbisita. Maaari mo ring masuri ito nang mag-isa sa isang computer ng pagtuklas ng Bureau.

### Paano ang pagtuklas sa ilalim ng utos ng proteksyon? O pagtuklas na may sensitibong impormasyon?

Ang ilang pagtuklas ay maaaring hindi angkop para sa iyo na makuha o tingnan sa isang komun na lugar. Ang ganitong uri ng pagtuklas ay kadalasang iniuutos na protektahan ng Hukuman, sa isang legal na dokumento na tinatawag na "utos ng proteksyon". Nangangahulugan ito na ang Hukuman ay nag-utos ng mga panuntunan para sa kung sino ang maaaring tumingin sa pagtuklas at kung paano ito maaaring suriin o ibahagi sa iyo.

Ang pagtuklas ay maaaring may mga impormasyon din na sensitibo. Maaaring ayaw ng pamahalaan, o ikaw, na maabot o tingnan ng iba ang sensitibong impormasyon. Ito ay maaaring totoo kahit na ang pagtuklas ay wala sa ilalim ng utos ng proteksyon.

Kung ang iyong pagtuklas ay nasa ilalim ng utos ng proteksyon o ay sensitibo, maaaring kailanganin mong suriin ito at tingnan sa isang ligtas na lugar na wala sa iyong unit o kasama lamang ang iyong abogado.

### Pagmarka ng elektronikong pagtuklas

Depende sa pretrial na pasilidad, maaari kang makakuha ng elektronikong pagtuklas mula sa iyong abogado o mula sa pag-uusig – ang Opisina ng U.S. Attorney. Inaatasan ng bawat pasilidad na markahan mo ng naaangkop ang pagtuklas. Ang pagtuklas ay dapat ding sumunod sa mga pamamaraan ng pasilidad. Karaniwang kasama sa mga pamamaraang ito ang isang form na humihiling ng partikular na impormasyon.

Ang elektronikong pagtuklas ay karaniwang ipinagkaloob sa mga elektronikong kasangkapan ng imbakan ng medya. Halimbawa, isang USB (pamantayan ng koneksyon na saksakan sa computer), panlabas na hard drive (imbakan ng lahat ng digital na nilalaman), o CD/DVD. Kung ang pagtuklas ay protektado ng utos ng hukuman o sensitibo, dapat malinaw itong nakamarka. Kung mapapanatili mo ang iyong pagtuklas sa iyong pag-aari, maaaring kailanganin mong pumirma ng "Inmate Acknowledgment (pagkilala ng nakabilanggo)" na form. Dinodokumento ng form na ito na natanggap mo ang iyong pagtuklas.

Kung ikaw ay isang nasasakdal na kinakatawan ang sarili na walang abogado, ang tagapag-usig na abogado, o ang Assistant United States Attorney (AUSA) (katulong na piskal), ay maaaring ipadala ang iyong pagtuklas sa pasilidad gamit ang katulad na pamamaraan at itutugma ang proseso na ito sa Legal na Departamento ng pasilidad.

### Mga computer ng pagtuklas

Halos lahat ng pasilidad ng pretrial ay may mga computer ng pagtuklas sa pabahay na unit at sa departamento ng Edukasyon. Ang lahat ng pretrial na pasilidad ay may hindi bababa sa isang computer ng pagtuklas sa Silid Pagbisita.

Kung kailangan mo ng pribadong espasyo para suriin ang iyong pagtuklas maaari mong hilingin na gawin ito sa silid Pagbisita o Departamento ng Edukasyon. Magagawa mo ito hangga't pinahihintulutan ng espasyo at mga mapagkukunan ng Bureau.

Kung mayroon kang katayuan na mahirap ng Bureau maaari kang humiling ng headphone (pang-ulong hatinig) para sa pagsusuri ng pagtuklas mula sa Departamento ng Edukasyon o sa iyong Unit Team.

Kung ikaw ay nasa pretrial na yugto ng iyong pangkriminal na kaso ngunit wala ka sa isa sa sampung ekslusibong pretrial na pasilidad ng Bureau na nakalista sa itaas, dapat maaari ka pa ring sumuri sa pagtuklas. Kung wala kang kakayahang maabot ang isang computer ng pagtuklas sa iyong pabahay na unit o sa Departamento ng Edukasyon, maaari kang humingi ng tulong sa iyong Unit Team para makakuha ng pag-abot.

**Pagsusuri ng elektronikong pagtuklas ng mga pretrial na pasilidad**

| MDC Brooklyn |
| --- |
| • Kapag naaprubahan na ng Legal na Departamento, makukuha mo ang elektronikong pagtuklas sa iyong pabahay na unit. Ito ay dapat naka-imbak sa iyong personal na locker (imbakang naka-lock) sa tabi ng iyong kama kapag hindi ginagamit.<br>• Ang protektado o sensitibong e(elektronikong)-na pagtuklas ay pinapayagan lamang sa Aklatan ng Batas sa Departamento ng Edukasyon.<br>• May mga protektadong locker upang mag-imbak ng mga materyales ng pagtuklas. Makakakuha ka ng locker at isang kumbinasyon.<br>• Maaari kang bumisita sa Aklatan ng Batas upang suriin ang mga protektado o sensitibong materyales isang beses bawat linggo sa loob ng 90 na minuto. Kung kailangan mo ng karagdagang oras, maaari kang humiling sa mga empleyado ng Edukasyon at Unit Team.<br>• Sa mga espesyal na pagkakataon, maaaring mag-utos ang Hukuman na magbigay ng laptop (madadala na maliit na computer) para sa pagsusuri sa pagtuklas. Ang mga laptop na ito ay nakatago sa Silid Pagbisita. Maaari mong hilingin na suriin ang iyong pagtuklas gamit ang mga laptop sa Lunes hanggang Biyernes 8:00 a.m. – 3:00 p.m. sa Silid Pagbisita. |
| MCC Chicago |
| • Kapag naaprubahan na ng Legal na Departamento, makukuha mo ang elektronikong pagtuklas sa iyong pabahay na unit.<br>• Maaari ka lamang magkaroon ng protektado o sensitibong elektronikong pagtuklas sa Departamento ng Edukasyon. Maaari mong suriin ito mula sa Superbisor ng Edukasyon.<br>• Maaari kang mag-iskedyul ng oras upang suriin ang iyong protektado o sensitibong pagtuklas kasama ang Superbisor ng Edukasyon. |
| MDC Guaynabo |
| • Kapag naaprubahan na ng Legal na Departamento, ang lahat ng eletronikong pagtuklas ay itatabi sa isang kabinet sa Silid Pagbisita. Maaari kang humiling at mag-iskedyul ng oras upang suriin ang iyong pagtuklas sa iyong Unit Team, o Officer in charge ("OIC") (opisyal na tagapamahala) ng Unit.<br>• Ang MDC Guaynabo ay may apat (4) na Bureau ng computer ng pagtuklas. Maaari mong gamitin ang mga ito upang suriin ang elektronikong pagtuklas sa isang ligtas na silid sa loob ng Silid Pagbisita. |
| FDC Honolulu |
| • Kapag naaprubahan na ng Unit Team, bibigyan ka nila ng elektronikong pagtuklas na makukuha sa iyong pabahay na unit.<br>• Ang protektado o sensitibong elektronikong pagtuklas ay tinatago ng Unit Team. Maaari mong tingnan ito mula sa Unit Team. |
| FDC Houston |
| • Kapag naaprubahan ng Unit Team at Mga Pang-computer na Serbisyo, makukuha mo ang eletronikong pagtuklas sa iyong pabahay na unit.<br>• Ang FDC Houston ay walang pisikal na aklatan ng batas upang itago at matingnan ang pagtuklas. Maaari mo lamang tingnan ang protektado o sensitibong elektronikong pagtuklas sa Silid Pagbisita kasama ng iyong abogado. |

**MDC Los Angeles**

- Kapag naaprubahan na ng Legal na Departamento, bibigyan ka ng Unit Team ng elektronikong pagtuklas na makukuha sa iyong pabahay na unit.
- Ang iyong abogado ay dapat makipagtulungan sa Legal na Departamento upang ayusin para matingnan mo ang protektado o sensitibong elektronikong pagtuklas.

**FDC Miami**

- Kapag naaprubahan na ng Legal na Tapapag-ugnyan, bibigyan ka ng Unit Team ng elektronikong pagtuklas na makukuha sa iyong pabahay na unit.
- Ang iyong abogado ay dapat makipagtulungan sa Legal na Departamento upang ayusin para matingnan mo ang protektado o sensitibong elektronikong pagtuklas.

**FDC Philadelphia**

- Kapag naaprubahan na ng Legal na Departamento, bibigyan ka ng Unit Team ng elektronikong pagtuklas na makukuha sa iyong pabahay na unit.
- Dapat mong tingnan at ibalik ang protektado o sensitibong elektronikong pagtuklas mula sa Unit Team.

**MCC San Diego**

- Kapag naaprubahan na ng Unit Team, bibigyan ka nila ng elektronikong pagtuklas na makukuha sa iyong pabahay na unit.
- Maaari mo lamang suriin at tingnan ang protektado o sensitibong eletronikong pagtuklas sa Aklatan ng Batas ng Departamento ng Edukasyon.

**FDC SeaTac**

- Kapag naaprubahan na ng Unit Team, bibigyan ka nila ng elektronikong pagtuklas na makukuha sa iyong pabahay na unit.
- Maaari mo lamang suriin at tingnan ang protektado o sensitibong eletronikong pagtuklas sa Aklatan ng Batas ng Departamento ng Edukasyon.

## Notaryo Publiko

Ang notaryo publiko ay isang taong awtorisado at may lisensya na patunayan ang pagkakakilanlan ng isang taong pumupuno o pumipirma ng isang dokumento.

Ang mga pretrial na pasilidad sa pangkalahatan ay hindi nagbibigay ng mga pangnotaryong serbisyo.

Kung kailangan mo ng mga pangnotaryong serbisyo:

- maaaring magbigay ng impormasyon ang iyong Unit Team kung paano makahanap ng notaryo publiko; o
- maaaring magdala ang iyong abogado ng kanilang sariling notaryo publiko sa isang legal na pagbisita bilang isang aprubadong Legal na Katulong.

# Mga Salamin sa Mata

**De-resetang mga salamin sa mata**

Maaari mong panatilihin ang iyong mga de-resetang salamin sa mata sa pretrial na pagkulong. Kung wala kang mga salamin sa mata, ngunit kailangan mong basahin ang iyong mga legal na materyales o suriin ang pagtuklas, maaari mong:

- hilingin sa pasilidad na ibigay ang mga ito sa iyo; o
- padalhan ka ng isang tao sa komunidad ng de-resetang mga salamin sa mata.

Maaari mong hilingin na kumuha ng mga de-resetang salamin sa mata mula sa labas ng pinagmulan sa pamamagitan ng "Authorization to Receive Package (awtorisasyon na tumanggap ng parsela)" na form BP-A0331. Pinahihintulutan ng form na ito ang mga salamin sa mata na maipadala sa pasilidad at maibigay sa iyo ng Mga Pangkalusugang Serbisyo. Maaari itong ipag-ugnayan sa iyong abogado.

## Pambasa na mga salamin

Ang Kumisaryo sa mga pretrial na pasilidad ay may iba't ibang lakas ng mga pambasa na salamin na maaari mong bilhin. Kung ikaw ay mahirap, maaari kang humingi ng mga pambasa na salamin mula sa mga Departamento ng Mga Pangkalusugang Serbisyo nang libre.

## Eksaminasyon sa Mata

Maaari kang humiling ng eksaminasyon sa mata sa pasilidad para matingnan kung kailangan mo ng salamin sa mata at kumuha ng reseta. Nagbibigay ang Bureau ng de-resetang salamin sa mata nang libre.

Gayunpaman, maaaring mayroong waitlist (listahan ng naghihitay) para makakuha ng eksaminasyon sa mata at ng mga salamin. Maaari mong hilingin na kumuha ng mga de-resetang salamin sa mata mula sa isang panlabas na mapagkukunan gamit ang prosesong inilarawan sa itaas kung kailangan mo ang mga ito nang mas maaga.

*Para sa karagdagang impormasyon, tumingin sa Program Statement 5800.18, Receiving and Discharge Manual (manwal ng pagtanggap at pagdiskarga), Sec. 403 at Program Statement 6031.05, Patient Care (pag-aaruga ng pasyente), Sec. 27.*

# Pagsusuri ng Presentence (bago ang sentensiya) na Mga Ulat

Pagkatapos mong mahatulan o nahatulan na nagkasala, sa pamamagitan man ng paglilitis o pagpasok ng pakiusap na nagkasala, maghahanda ang U.S. Probation ng Presentence Report (PSR) (ulat bago ang sentensiya) para sa iyo.

### Ano ang nasa PSR ko?

Ang PSR ay:

- nagbibigay sa Hukuman ng buong ulat tungkol sa iyong personal na kasaysayan,
- nagbibigay ng detalyadong buod ng pag-uugali ng pagkakasala,
- kinakalkula ang saklaw ng iyong United States Sentencing Commission Guidelines (mga alituntunin ng kumisyon ng pagsentensiya ng United States), at
- gumagawa ng mga rekomendasyon tungkol sa haba at uri ng sentensiya na dapat mong matanggap.

May karapatan kang makita ang iyong PSR upang matiyak na ito ay tumpak at nagbibigay ng may-katuturang impormasyon.

### Bago ang Pagsentensiya

Kung ikaw ay isang pretrial na AIC sa kustodiya ng Bureau na hindi pa nasentensiyahan, maaari kang magkaroon at suriin ang isang kopya ng iyong PSR. Maaari mong suriin ang PSR upang maghanda para sa paghatol hanggang sa araw na ikaw ay sinesentensiyahan. Maaari mong hilingin sa Unit Team na itago ang iyong PSR para sa iyo kapag hindi ka aktibong nagsusuri ng PSR.

### Pagkatapos ng Pagsentensiya

Pagkatapos mong masentensyahan, ipinagbabawal kang magkaroon ng kopya ng iyong PSR. Lahat ng Adults in Custody (nasa hustong gulang na nakakustodiya) ay ipinagbabawal na tumanggap o magkaroon ng kanilang PSR maliban kung sila ay nasa pretrial na pagkulong at hindi pa nasentensiyahan. Ang dahilan kung bakit ka ipinagbabawal na magkaroon ng iyong PSR ay upang maprotektahan ka mula sa sapilitang ipakita o ibigay ang iyong PSR sa iba. Dapat mong ibalik ang anumang mga kopya sa iyong abogado o Unit Team. Kung mayroong kang kopya ng iyong PSR pagkatapos mong masentensiyahan, maaari kang mapatawan ng aksyong pandisiplina.

Maaari mo lamang tingnan ang iyong PSR sa ilalim ng pangangasiwa ng empleyado ng Bureau pagkatapos mong masentensiyahan.

*Para sa karagdagang impormasyon tumingin sa Program Statement 1351.05, CN-1, Release of Information (pagpapalabas ng impormasyon).*

## Legal na Pag-abot sa Special Housing Unit

Kung ikaw ay nasa pinaghihigpitan na pabahay sa Special Housing Unit (SHU), ikaw ay may karapatan pa rin sa legal na pag-abot sa iyong abogado at mga hukuman. Ang paraan ng pagkuha ng legal na pag-abot ay maaaring iba kaysa sa isang pabahay na unit ng pangkalahatang populasyon.

Ang bawat pretrial na pasilidad SHU ay mayroong isang computer ng pagtuklas ng Bureau at isang ELL na computer. Maaari kang humiling na gamitin ang pagtuklas o ELL na computer sa pamamagitan ng isang SHU na empleyado. Karaniwan, hindi ka pinapayagang gumamit ng TRULINCS habang ikaw ay nasa pinaghihigpitan na pabahay. Sa pangkalahatan, ang mga legal na pagbisita ay nangyayari sa SHU, hindi sa silid pagbisita. Walang hindi sinusubaybayang direktang kubol ng telepono sa SHU. Maaari kang humingi ng mga legal na tawag sa pamamagitan ng Unit Team gamit ang prosesong inilarawan sa itaas ng Polyeto na ito.

| Sa MDC Brooklyn, FDC Philadelphia, o MCC Chicago Lamang |
| --- |
| **Kung ikaw ay nakabahay sa MDC Brooklyn, FDC Philadelphia, o MCC Chicago, gawin ang iyong legal na kahilingan sa pag-abot sa Tinyente ng SHU.** |